

Babae at Lalaki: Msaping Kasari-sarian sa Pangingisda

A Research in Social Anthropology focused on Gender Roles in Fishing.

"Pangingisda, pagpunta sa laot: 'E 'di ba trabahong panlalaki lang 'yan?' Gawaing pambahay: Mga babae ang sanay diyang 'no.'"

Ito ang kadalasang sinasabi ng karamihan. Aminin natin sa bawat larangan at trabaho, hindi maikukubli na nailalarawan natin ito base sa kung anong kasarian ang nababagay o 'akma' para dito. At ito ay nanggagaling sa kolektibong pag-iisip na siyang dinidikta ng ating lipunan.

Ang paraan ng ating pagtanaw tungo sa kasarian ay mulat na sa sa atin mula sa pag-aaral ng pangngalan (noun). Kung saan ang bawat katangian, gawain, at iba pa ay nakabase kung pambabae o panlalaki lang. At kapag hindi ito tugma, ay para bang mali, o kapansin-pansin na kakaiba at saka bibigyan ito ng husga positibo o negatibo man ito.

Hindi makakaila na hanggang sa kasalukuyang pagtingin, hiwalay pa rin ang kaisipan, kagawian, at kaugaliang naiuugnay na dapat makita sa pagitan ng kasarian.

Diura, Municipio nu Mahatao

Ang pananaliksik na ito ay ginanap sa munisipyo ng Mahatao na matatagpuan sa Isla ng Batan, probinsya ng Batanes. Karatig bayan nito ang Basco (kabisera ng probinsya) sa gawing timog. Binubuo ito ng apat na maliliit na barangay: Kaumbakan, Hañib, Panatayan, at Uvoy.

Ang pangingisda ay isa lamang sa mga gawaing pangkabuhayan ng karamihan ng mamamayan na nakatira sa Mahatao gayundin ang kalahatan ng Batanes dahil sa malaki ang sakop ng anyong tubig na nakapalibot dito.



© Joanna Frances Sajor

Larawan 1: Si Uncle Jeofrey Cabuco na kagagaling lamang sa laot at inaayos pabalik ang kanyang tataya sa kabuhanginan.



© Joanna Frances Sajor

Larawan 2: Research Area

Matatagpuan rin sa lugar na ito ang isa sa mga sagradong *vanua* (port) kung saan ginaganap ang taunang ritwal ng *mayvanuvanua* tuwing *rayon* o tag-init (Marso hanggang Mayo) kung saan hinuhuli ang mga lamang

dagat na tanging makukuha sa panahong ito: ang *arayu o dorado* at *dibang* (flying fish)

Ang pook ng Diura ay isang sitio ng Barangay Uvoy sa Mahatao. Inilaan ang lugar na ito ng gobyernong panlalawigan tungo sa pamamahala ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) at *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* (BFAR) upang mapanatili ang tradisyonal na paraan ng pangingsda lalo na ang gawaing Mataw habang pinangangalagaan ang ecosystem ng naturang lugar.

Ang karamihan ng nakolektang datos sa aming pananaliksik ay nahinuha rito. Tungo sa mga pamamaraan na isinasagawa sa disiplina ng antropolohiya, at kabilang dito ang: pakikipanayam (interviews), nakikiugaling pagmamasid (*participant observation*), *photo voice* at *photo elicitation* mula sa mga mangingsda, kanilang pamilya, kaibigan at mga kakilala upang kami ay makakuha ng makatotohanan at wastong impormasyon.

Mga Kagamitan at Partikular na Gawain ng Pangingsda sa Mahatao

Ang larangan ng pangingsda sa Batanes ay isang mahalagang parte ng kanilang pakikibaka sa araw-araw. Para sa ilan, ito ay hindi lamang isang hanap-buhay kundi pinagkukuhanan din ito ng kanilang libangan, at 'kasiyahan.' Ang gawaing ito ay may iba't ibang pamamaraan base sa kung saan yari ang kagamitan at kung anong uri ng lamang dagat ang kanilang nais makuha. Narito ang ilan sa kanilang ginagawa: pamimingwit (paghuli ng isda) sa laot, pag-iiraw (paghuli ng pugita), pagsasakdit/pagnanawuy (sa pampang.)



Larawan 3: Mga kagamitan sa pag-iiraw at pagsisid

Mula sa Pampang Hanggang sa Laot, Nasaan si Maria?

"[Ang mga babae], tagabahay."
"Pambahay sila."

Ang mga naturang pahayag ay galing mismo sa karamihan ng aming mga nakapanayam sa Mahatao town proper at Diura. Ayon sa kanila, ang babae ay talagang sa bahay mahahanap. Babae man o lalaki ang aming kausap, madalas marinig na naiiwan ang mga babae sa bahay sa tuwing nagpapalaot ang mga lalaki. Bihira lang daw na mayroong mga babaeng namamalaot sa Diura at maari rin sa buong Batanes.

Sa kabutihang palad - Sina Auntie Nona Crusa at Auntie Marilyn Cabrito ang kusang nagpaunlak upang aming makapanayam at maikuwento nila ang kanilang personal na karanasan sa pangingsda. Sila ang mga babaeng palaban sa gawaing madalas iniugnay sa mga kalalakihan sa Mahatao. Bilang panimula, si Auntie Nona, ay anak ni Mang Gorio isang mangingsda na napaunlakan dati ni Professor Maria Mangahas na nagsagawa noon ng ekstensibong pag-aaral sa gawaing Mataw.

Ayon sa kanya, sa kanilang magkakapatid, ang bunso nila na si Adong ang tanging napagpatuloy sa bokasyon ng kanilang ama. Musmos pa lamang, mulat si Auntie sa mga gawain ng paghuli ng lamang dagat - lalo na ang panghuhuli ng pugita tuwing sasapit ang *low tide*.

Bukod pa rito, mahaba-habang kuwento ang kanyang naihandog tungkol sa kanyang personal na karanasan sa pag-iiraw. Sa mahabang panahon na kanyang ginugol sa pag-iiraw samu't saring pangyayari kalakip ang kanyang mga biro ukol sa kanyang pagsuway sa utos na pagbabawal ng kanyang ama't kapatid sa paglalagak ng oras sa dagat hanggang sa isang beses na dumikit sa kanyang dibdib ang isang pugita sa kalagitnaan ng kanyang panghuhuli.

Sa kabilang banda, si Auntie Marilyn ay kilala bilang isa sa mga natatanging babae na interesado sa pangingsda at walang takot mamalaot mag-isa sa



Larawan 4: Auntie Nona (dulong kaliwa) at ang aming grupo pagkaraan ng aming mahabang panayam sa kanya

© Joanna Frances Sajor

© Joanna Frances Sajor

katubigan ng Batanes. Subalit, ayon sa kanya, mas madalas na niyang kasama ang asawa upang samahan kapag ito ay sumasabak sa *overnight fishing*. Bukod pa rito, tumutulong rin siya sa paghanda ng mga kagamitan bago mangisda at mismong paghila ng lambat sa laot. Ngunit, sa aming malalim na pagsisiyasat, nalaman namin na hindi si Auntie mismo ang gumagawa ng kagamitan. Kundi siya lamang ang taga-paalala at taga-bilin sa mga dapat dalhin.

Noong una, akala namin na tubong Batanes si Auntie Marilyn, nalaman namin na taga-Bicol pala siya. Ang kaalaman niya sa pangingsda ay nagmula sa pagkakatuto sa kanyang lola. Maisasama sana namin sa nakalap na datos na sa kagawian ng mga Ivatan, ay kahit paano ay may ilan sa mga babaeng Ivatan ang may interest na lumahok at maging bokasyon nila ang pangingsda kami ay nabigo.

Saklaw ng dibisyon sa pagitan ng kasarian.

Mula noon hanggang sa kasalukuyan normatibo pa rin ang pagtingin sa pagitan ng dalawang kasarian sa gawaing pangingsda at ito ay lunan sa mga makalumang paniniwala. Halimbawa na lamang ang paniniwala nila na may kamalasan dala ang presensya ng babae sa kagawiang Mataw sa bilang ng isdang makukuha (hal. simpleng pagdaan ni babae sa mga tataya ay maaring kumonti ang huli.) Ang kadalasang pagkahilo ni babae sa laot ay sanhin sa pagsasayang ng oras sa pagbalik nila sa pampang.

Punto de Bista: Anong sabi ni Babae at Lalaki?

Nabanggit kinalaunan na ang pananaliksik na ito ay naglalayon na maikompara ang gawain ng kababaihan at kalalakihan sa larangan ng pangingsda. Narito ang mga aming nahinuhang opinyon mula sa lahat ng aming nakapanayam.

Ang opinyon ni lalaki:

Ang pangingsda ay gawain na nangangailangan ng matinding lakas na pangangatawan. Hindi maitatangi na may ilan sa mga kababaihan ay may kakayahan o halos pantay lang ang kalakasan ng katawan sa mga lalaki. Ngunit, karamihan pa rin sa kanila ay hindi kaya ang trabaho kapag sila ay iniwan ng mag-isa. Ilan na lamang sa

mga partikular na gawain tulad ng pagsasagwan, pagkarga, at pag-hiwa sa mga nahuling arayu. Ayon sa mga kalalakihan, "pambahay/tagabahay" lang ang mga babae marahil sa madalas ay madali silang mahilo sa laot.

Ang sabi ng mga kalalakihan na karamihan sa mga kababaihan ang hindi interesado na malaman at maranasan ang pangingsda. Dalawa sa aming informants ang nagsabi na hindi nila pinahihintulutan ang kanilang mga anak (mapalalaki o babae) na mangisda kahit nagpapakita sila ng interes dito dahil maaring mapabayaang nila ang kanilang pag-aaral. Subalit, may mga panahon na kanilang sinasama ito sa pangingsda upang magmasid lamang. Bukod dito, ang mga gawain tulad paghagis ng lambat at iba pang pamamaraan ng panghuhuli, gumagamit sila ng payaw (larawan 6). Ang aksyon ng pagdala nito mula sa laot hanggang pampang ay ayon sa kanila, ay hindi kaya ng babae.

Ang palagay ni babae:

Ang sabi nila, sadyang nakahihilo sa laot, kaya mas gugustuhin nila na manatili sa bahay. Kaya kadalasan, sila ay tumutulong kapag tapos na mangisda ang mga kalalakihan. Mga gawain tulad ng pagimpake at pagdala ng mga ititinda na lamang dagat sa bayan. Kung sila man ay mangingsda ay hindi ito aabot sa laot kung kaya't, gumagamit sila akna, iraw (pugita), at kalapay sa pamumulot ng *abung* (tahong) na ginagawa sa mababaw na katubigan. Ang karamihang sambit nila ay hindi nila nais na manatili sa laot ng matagal.

Pagsayaw sa alon: Ang Payaw

Noong kinahapunan, niyaya kami ni Kuya Jun na mamalaot upang kunin ang payaw sa lugar na malapit sa bandang *Racuaidi* kung saan matatagpuan din ang *Spring of Youth*. Nabanggit kanina na ang payaw ay ginagamit nila upang kahit paano ay mapadali ang panghuhuli ng mga isda. Handog galing sa BFAR, (Bureau of Fisheries and Natural Resources) lalo na sa mga direktang nakikinabang dito.

Pagpasa ng Kaalaman (Transmission of Knowledge in Fishing)

Kabilang sa mga nais naming malaman ay kung paano naituturo at kanino pinapasa ang kaalaman sa larangan ng pangingsda. Nalaman namin na hindi



Larawan 5: Angel 'Jun' Fabre Jr. at isang payaw (hugis tangke) na lumulutang sa laot (larawan 6) kung saan may nakakabit na kawayan at dahon ng niyog para akitin ang mga isda sa isang lugar

© Joanna Frances Sajor



© Joanna Frances Sajor

Larawan 6: Si Kuya Roldan na nagsasagawa ng gawaing pagmamanawuy sa pampang ng Diura habang kasagsagan ng mababaw na katubigan (low tide)

eksklusibo na natutunan ito sa pagitan ng magulang at anak na lalaki. Pwedeng matuto ang mga interesadong mangisda mula sa kanilang mga kamag-anak, kaibigan, at mga kakilala na sanay sa gawaing ito. Mula sa aming nakapanayam, hindi lahat ng mangingisda ay natuto sa kanilang magulang. Bukod pa rito, ang paraan ng pagtuturo ay hindi tulad ng pagkatuto sa paaralan na *step-by-step* na proseso kundi tinuturo ito sa paraan ng pag-*obserba* ng mga aksyong kalakip dito at saka nila ito gagayahin.

Ang Samu't Saring gawain kalakip ng pangingsda

Mahalagang malaman na ang larangan ng pangingsda ay hindi lamang nakakahon sa aksyon ng panghuhuli ng mga lamang dagat. Sa katunayan, may tatlong hakbang ito: bago, habang, at pagkatapos ng mangisda. Bukod pa rito, maari rin mabanggit ang posisyon ni babae bilang taga-tulong sa kanilang asawa bilang *manala* (kasamahan) at kadalasan bilang negosyante mula sa pagdala at pagtinda ng isda sa kanilang bayan.

Mula dito, nakapanayam namin si Ma'am Stella Aguas, guro sa Mababang Paaralan ng Mahatao. Siya ay ang unang babae na nailuklok bilang secretary-treasurer ng Diura Mataw Fishing Association kung saan siya ay namamahala sa usapin at gawaing pinansyal at aktibidad ng organisasyon. Ito ay nangagahulugan na ang aksyon kalakip ng pangingsda ay hindi lamang nakatuon sa pisikal na gawain kundi sa kaisipang at sistemang sosyoekonomik para sa kapakanan ng mga mangingisda, negosyante, at sa mga suki na tumatangkilik dito.

Kung gayon, panlalaki lamang ba ang pangingsda sa Mahatao at puwes, sino ang nangingisda?

Sa aming pagkolekta ng datos mula sa mamamayan ng Mahatao (mangingisda, kanilang mga pamilya't kakilala), at ang gobyerno (munisipyo) kung saan kami ay nabigyan ng listahan ng mga pangalan ng mga may lisensya para sa aktibidad nito, aming nalaman na mas marami ang bilang ng mga lalaki. Mula sa lahat ng mga natalakay, hindi maitatangi na pinangingibawan ng mga lalaki ang larangan ng pangingsda at may nananaig na sexual division of labor dito. Gayunpaman, hindi mababalewala na mahalaga ang papel ng mga kababaihan sa pagtulong upang maisaayos ang mga aktibidad na kalakip sa larangan ng pangingsda. Sa paglipas sa modernong panahon at pananaw ng mga tao, maaring maging daan ito para sa tuluyang pagbabago. Ang sabi nga ng aming nakapanayam, "kung kaya at marunong naman ang babae, bakit hindi?" Kung kaya nina Auntie Lourdes at Auntie Marilyn, kakayanin din ng ibang babaeng Ivatan kung nanaisin nila ito.

■ Joanna Frances Sajor, Jenica Sophia Araneta at Jeannine Holgado

Mga Karagdagang Babasahin

Araneta, Jenica Sophia A. Sajor Joanna Frances, Holgado, Jeannine. (2018). *Sa Karagatan at sa Tahanan: An Ethnographic Study on Gender Roles in Fishing of Mahatao, Batan Island, Batanes. n.p.*

Mangahas, Maria. (1994). *Mataw, amung nu rayon, anitu man, the Fish of Summer and the Spirits: An Ethnography of Mataw Fishing in Batanes. Masters Thesis. University of the Philippines Diliman.*

Wharton, Amy S. (2009). *The Sociology of Gender. Hoboken, NJ: Wiley-Blackwell*

Pasasalamat

Ang pag-aaral na ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa mga tumulong sa amin. Mula sa kaibuturan ng aming mga puso, nais naming magbigay ng malugod na pasasalamat kina: Professor Madilene B. Landicho, Field School Director Professor Edwin A. Valientes, Auntie Magdalena Fabre, Auntie Nona Crusa, Angel 'Jun' Fabre Jr., Roldan Raterta at sa mga mamamayan ng Mahatao, Batanes na napalapit na sa aming mga puso para sa inyong pagtanggap sa amin sa inyong bayan at mga tahanan.

